



PAGTATAYA SA SALOOBIN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG FILIPINO SA PAGPAPATUPAD NG KURIKULUM K TO 12

Dr. Jessica Marie Inalvez-Dela Peña

Tarlac State University - College of Teacher Education

<https://orcid.org/0000-0002-4556-6513>

Article DOI: <https://doi.org/10.36713/epra12356>

DOI No: 10.36713/epra12356

ABSTRAK

Ang pag-aaral ay may layunin na kilalanin ang mga saloobin ng mga guro ukol sa mga pagbabagong nagaganap sa sistema ng edukasyon sa bansa bunsod na rin ng pagpapatupad ng bagong kurikulum na K to 12.

SUSING SALITA: *Edukasyon, Saloobin, K to 12, Pagpapatupad ng Kurikulum*

1.INTRODUKSYON

Ang edukasyon ay para sa lahat ng tao, anuman ang kanyang antas sa buhay, at katangiang intelektwal. Siya ay may karapatang makapagtamo ng edukasyon. Ito ay alinsunod sa Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Sec. 1 na nagsasaad:

“Ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mataas na uri ng edukasyon sa lahat ng antas ay dapat maisagawa nang naaangkop sa mga hakbang upang matamo ng lahat ang ganoong uri ng edukasyon.”

Tinukoy ni Contawe (2013) ang kahandaan ng mga Pampublikong Paaralang Sekondarya sa Bayan ng Moncada, Tarlac para sa unang taon ng implementasyon ng kurikulum na K – 12. Natuklasan niyang ang karamihan sa mga guro ay nakadalo na sa mga seminar ng K – 12 sa rehiyon na siyang pinakamataas na antas na lahod-seminar. Kapansin-pansin din ang reaksyon ng mga ito na sila’y naniniwalang hindi pa lubusang handa ang kanilang mga paaralan sa implementasyon ng K – 12. Pinatotohanan ito ng mga lumabas na resulta sa mga kagamitang pampagtuturo na lubhang mababa sa nakalap na datos na pangkalahatang mean na 1.75. Maging ang bilang ng mga silid-aralan ay hindi akma sa bilang ng mga mag-aaral sa asignaturang MAPE, EsP, at Filipino. Ang mga ito ay itinuturo rin ng ibang mga gurong iba ang medyor o espesyalisasyon na nagpapakita ng malaking kakulangan.

Ayon kay Motshekga (2011), ang ulat sa implementasyon ng *National Curriculum Statement* sa mga paaralan ng South Africa na ang mga guro ay nalilito, walang gana, *stressed* at *overloaded* at sa ganitong kalagayan sila ay hindi nagiging epektibo. Kung kaya’t ang mga ilang rekomendasyon ay ipinakilala upang tugunan at pag-ibayuhin ang sitwasyong ito at ito ay ang mga sumusunod: (1) Magkaroon ng isang malinaw at abot na patakaran, (2) sumulat ng makabagong kurikulum, (3) Balikan ang mga asignaturang may

mahalagang kaalaman, (4) siguruhin ang pag-unlad at pagpapatuloy nito sa mga sumusunod na antas.

Sa pagpapaunlad ng mga paaralan na nagpapatupad ng bagong kurikulum, itinagubilin ni Hellstrom (2004), ang mga sumusunod: (1)Gawing maliwanag at madaling maintindihan ang pambansang kurikulum. Ilahad nang malinaw ang mga pagbabago na gustong gawin sa kurikulum ng paaralan; magbigay ng mga dahilan para sa pagbabago; siguraduhin na makikinabang ang mga mag-aaral sa pagbabago; hikayatin ang lahat upang makibahagi; sagutin ang mga katanungan; huwag babaguhin ang mga inaasahang bunga sa pagpapatupad; at ang kalituhan sa mga estratehiya at patakaran ay mahirap sagutin sa pampaaralang antas. (2)Huwag mabibigay ng utos – magbigay ng panahon sa talakayan. Hindi mainam na ipaubaya ang pagpapasya sa nilalaman ng kurikulum sa paaralan – lalo sa mga paaralang elementarya. (3)Gumawa ng paraan ng para sa pkikibahagi. Isaalang-alang ang iba’t ibang pangangailangan at kakayahan ng mga guro. Ang ilan ay hindi propesyunal, ang ilan ay mga practitioners. Irespeto ang kanilang pagkakaiba. Bigyan sila ng mga tanong na dapat masagot hindi puro trabaho na dapat gawin.(4)Gawing balanse ang pressure at support.(5)Magkaroon ng magandang pakikibahagi sa pagitan ng paaralan at tagapamahala.

Kung kaya’t ang patuloy na pagbabago sa edukasyon ay natatamo sa pamamagitan din ng pagsunod sa kurikulum. Ito ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral kung kaya’t patuloy itong sinasaliksik. Ang mga mag-aaral na magtatapos ng labindalawang taon na programa at tatanggap ng diploma para sa elementarya (pagkatapos ng anim na taon), diploma para sa junior hayskul (pagkatapos ng apat na taon), at ang diploma para sa senior hayskul (pagkatapos ng dalawang taon). Ang *K – 12 Curriculum* ay isang panuntunan sa pagpasok ng isang mag-aaral sa kolehiyo (ang mga papasok sa Panuruang Taon 2018 – 2019).




Ang pagpapatupad ng *K – 12 Curriculum* ay nagkaroon ng napakaraming katanungan at agam-agam sa mga kaguruan at maging sa mga ordinaryong taong-bayan. Sa kahandaan ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagpapatupad sa bagong kurikulum nakasalalay ang ikapagtatagumpay nito. Lalo't higit ang mga gurong gumagamit nito sa kanilang pagtuturo.

Nais maipadama ng kasalukuyang pananaliksik ang halaga ng pagtangkilik sa sariling wika, antigin ang kawilihan ng mga mag-aaral, gisingin ang kanilang natutulog na damdamin at kaisipan, at baguhin ang pagwawalang bahala sa wika upang sa gayon ay mabigyang pansin ang wikang Filipino.

Makikita sa Figyur 1 ang mga batayang prinsipyo ng *K – 12* at saloobin ng mga respondent ukol dito. Ipinakikita sa

paradigma ng pag-aaral ang kinasangkapang balangkas konseptwal sa pag-aaral na ito. Ang batayan ng isasagawang pag-aaral ay nakatuon sa saloobin ng mga guro sa mga pamantasang paaralan sa lalawigan ng Tarlac kaugnay ng pagtuturo sa Filipino at sa panibagong patakarang ipinatutad ng Kagawaran ng Edukasyon mula sa mga prinsipyo ng *K – 12*. Ang pagkilala sa profayl ng mga guro mula sa (1) *posisyon* na may set na gurong isang (a) Direktor, (b) Head/Chairperson, (c) Professor, (d) Instruktor.

Kasama sa pagkilala ang (2) *katayuan sa pagtuturo* ng isang guro sa kaniyang propesyon: (a) Permanent, (b) Part – timer, (c) Contractual/Lecturer at (d) Substitute.



Figyur 1
Paradigma ng Pag-aaral

2. METODOLOHIYA

Ang deskriptibong pananaliksik ayon kay Glatthorn at Joyner (2005), ay naglalarawan ng isang penomina. Ito ay naglalarawan sa katangian ng isang populasyon sa pamamagitan ng pagsusuri sa populasyon. Ang deskriptibong hakbang na ginawa ng mananaliksik ay survey o pamamahagi ng mga talatanungan, panayam, at obserbasyon na siyang ginamit sa pag-aaral.

Ang palarawang pagsusuri ay isang paraan ng paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos na nakakalap kung saan tutukuyin ang kalagayan at kaugnayan ng mga pangyayari. Pinili ang pamamaraang ito sapagakat ang pangunahing layunin ng mananaliksik ay ang pagtataya at pagsusuri sa mga epekto ng saloobin ng mga guro hinggil sa bagong patakarang kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon, ang *K – 12 Curriculum*.

Paglalatag ng Estatistika

Gumamit ng *statistical treatment* na *frequency counts*, at *percentages* sa pagtataya ng saloobin ng mga guro sa bawat set ng nasa kabuuang kahingian sa talatanungan.

Sa paglalatag ng mga figura kaugnay ng mgapagpapahalaga alinsunod sa mga naitalang baryabul kaugnay ng profayl ng mga respondent; ginamit ang formula ng Mean.

$$X = \frac{\sum X}{N}$$

Kung saan:

\bar{X} = Mean

\sum = summation o kabuuan

X = Bilang na naitala

N = Bilang ng respondent

Ang fo

rmula na gagamitin para matukoy ang porsyento ay:

$$p = \frac{f}{n} \times 100$$

Kung saan:

f = para sa bilang ng mga sagot sa partikular na kaategorya

n = kabuuang bilang ng mga kalahok



3. RESULTA

Layunin ng pag-aaral ang malapatan ng kasagutan ang mga sumusunod na suliranin:

1. Ano ang profayl ng mga respondent batay sa sumusunod na salik:

1.1 Posisyon sa Pamantasan:

TALAHANAYAN 1

BILANG AT BAHAGDAN NG MGA KALAHOK KAUGNAY NG POSISYON NG KALAHOK SA PAMANTASAN

Posisyon sa Pamantasan	Bilang	Bahagdan
Director	2	1
Head o Chairperson	5	2.5
Propesor	82	41
Instructor	111	55.5
Kabuuan	200	100

Mula sa limang inilatag na varyabol matutunghayan na ang mga kalahok ay may mahalagang posisyon at nararapat na maging bahagi sa/ng pag-aaral.

1.2. Katayuan Sa Pagtuturo

TALAHANAYAN 2

BILANG AT BAHAGDAN NG MGA KALAHOK KAUGNAY NG KATAYUAN SA PAGTUTURO

Katayuan sa pagtuturo	Bilang	Bahagdan
Permanent	108	54
Part-timer	4	2
Contractual o Lecturer	88	44
Substitute	0	0
Kabuuan	200	100

Makikita sa apat na pamilyan ng pagsasaliksik karamihan ay may permanenteng posisyon at nararapat na maibilang na matatag na lahod bilang respondents sa pag-aaral.

2. Anu - anong mga konsepto ng kurikulum na K to 12 ang itinatayang magdudulot ng epekto sa pagtuturo ng Filipino?

Naglatag ang mananaliksik ng mga sumusunod na kaisipan upang masukat ng mga kalahok ang kanilang opinyon sa nasabing paksa sa pamamagitan ng pagtataya kung ang mga ito ay mahalaga sa pagtuturo ng wikang Filipino, hindi mahalaga sa pagtuturo ng wikang Filipino at walang sagot, kabilang sa mga kaisipang ito ang makikita sa talahanayan.

TALAHANAYAN 3

BILANG AT BAHAGDAN NG MGA TUGON NG KALAHOK KAUGNAY NG MGA KONSEPTO NG KURIKULUM NA K TO 12 ANG ITINATAYANG MAGDUDULOT NG EPEKTO SA PAGTUTURO NG FILIPINO

Prinsipyo ng K12	Mahalaga	%	Walang Desisyon	%	Hindi Mahalaga	%
Pagiging mandatory ng kindergarten	172	86	16	8	12	6
Paggamit ng "mother tongue"	182	91	13	6.5	5	2.5
Grade 1, itinuturo sa mga mag-aaral na nakafokus sa matatas na pagsasalita	181	90.5	16	8	3	1.5
Grade 4, itinuturo sa paggamit bilang mga pangunahing wika ng pagkatuto ang Fil/Eng	184	92	10	5	6	3
Pagkakaroon ng Senior High School	98	49	15	7.5	87	43.5
Makakapamilya ang mga mag-aaral ng ispesyalisasyon	172	86	13	6.5	15	7.5
Kurikulum na nakafokus sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad	183	91.5	0	0	17	8.5
Nababawasan ang mga paulit – ulit na subjek sa kolehiyo	163	81.5	10	5	27	13.5
Lumiliit ang bilang ng mga elective na subjek/kurso	167	83.5	28	14	5	2.5
Pagkakaroon na lamang ng 31 subjek na mayroong tig 80 oras na kabuuan	169	84.5	25	12.5	6	3



Makikita na ang magiging pamamaraan ng pagtuturo ng mga aralin sa makabagong sistema ay sa pamamagitan ng paggamit ng wikang nakasanayan at ang dahan dahang pagsasanib ng wikang Filipino at wikang Ingles nang sa gayon ay maganap ang katatasan sa paggamit at pagsasalita ng bawat wika.

3. Ano ang itinatayang saloobin ng mga guro sa mga naitalang mga suliranin kaugnay ng kurikulum na K to 12 ukol sa epekto nito sa pagtuturo ng Filipino?

Kabilang sa mga resulta ng pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:(1)Sa paggamit ng pangunahing wika ng lalawigan ay nawawala ang fokus sa pagkatuto sa Wikang Filipino;(2)Maaaring maging mahirap ang transisyon ng pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sapagkat sa unang limang taon (K hanggang Grade 3) ay ginagamit ang pangunahing wika ng lalawigan sa pagtuturo;(3)Magiging mahina ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng dalawang wika ng pagtuturo;(4)Magiging mahirap sa mga guro at tagapagbuo ng mga kurikulum sa lalawigan na ihanay ang mga aralin sa Filipino alinsunod sa ginagamit na wika ng lalawigan bunsod ng pagkakaiba ng mga ito;(5)Malilito ang mga mag-aaral sa kanilang aralin sapagkat ginagamit ang wika ng lalawigan sa pagtuturo;(6)Umiiksi ang panahon sa pagkatuto bunsod ng mas maikling panahon na inilaan sa bawat subjek;(7)Hindi masasakop lahat ng mga aralin na itinuturo sa lumang sistema sapagkat umiksi ang panahon ng pagtuturo;(8)Kinakailangan ang malawakang revisyon ng mga lunsarang aklat upang maihanay ang layunin ng kurikulum sa pagtuturo batay sa mga prinsipyo ng K to 12;(9)Hindi pa handa ang mga naunang guro at propesor sa bagong sistema;(10)Kakulangan ng mga kagamitan upang maiangkop ang umiiral na mga pamamaraan sa mga pamantasan sa bagong kurikulum.

4. Ano-ano ang mga natukoy na hakbang na itinatayang magagamit bilang panlunas sa mga suliranin sa pagtuturo ng wikang Filipino sa K to 12?

Kabilang sa mga mungkahing solusyon ay ang mga sumusunod:(1)Magsagawa ng ekstensibong pagpapasanay sa mga guro at administrador kaugnay ng mga kaisipan ng k to 12;(2)Bumuo ng isang pangkalahatang kumite o pangkat na siyang magsisilbing tagapatnubay sa pagbuo ng kurikulum na maglalangkap ng mga umiiral na pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino;(3)Alamin ang mga mahahalagang kaisipan na siyang gagamitin sa pangkalahatang kurikulum ng mga pamantasan sa pagtuturo ng Wikang Filipino alinsunod sa kurikulum na K to 12;(4)Kilalanin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pamantayan sa pagsasalita at paglalahad na ginagamit lalawigan at ang pangkalahatang pamantayan sa pagtuturo ng Wikang Filipino nang maihanay ang mga kaukulang panunutan na magiging kapaki-pakinabang sa pagtuturo nito;(5)Gawing kawili-wili ang paglalangkap ng pagtuturo ng wikang Filipino sa makabagong kurikulum nang sa gayon ay manatili ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa subjek na ito; at(6)Ipakita

sa bubuuing mga pamantayan ang kahalagahan na maidudulot ng pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga napiling kurso ng mga mag-aaral.

Natuklasan

1.Tatlong varybol ang ginamit sa pag-aaral upang mailatag ang pagkakakilanlan sa mga respondent kabilang na ang posisyon sa pamantasan ,katayuan sa pagtuturo at bilang ng taon sa serbisyo. Mula sa dalawang daan (200) na kalahok ng sarbey na isinagawa ng mananaliksik ay natukoy na ang pinakamataas na bilang ng kalahok ng pag-aaral ay ang mga Instructor na may daming 111, samantala, ukol sa kanilang mga katayuan sa pagtuturo nakitang mayroong pinakamalaking bilang sa mga kalahok ang permanent nam nagtala ng bilang na 108.

2.Sampung prinsipyo kaugnay ng binuong bagong kurikulum ng K to 12 ang binigyang diin sa ikalawang bahagi ng pagsasaliksik kabilang na ang mga sumusunod: (a)Pagiging mandatory ng kindergarten;(b)Paggamit ng “mother tongue” o pangunahing wika ng lalawigan;(c)Sa Grade 1, ang mga subjek na English at Filipino ay itinuturo sa mga mag-aaral na nakafocus sa matatas na pagsasalita o oral fluency;(d)Sa Grade 4, ang mga subjek na English at Filipino ay itinuturo sa mga mag-aaral na nakatuon naman sa paggamit nito bilang mga pangunahing wika ng pagkatuto;(e)Pagkakaroon ng Senior High School na masasabing isang espesyalisadong sistema ng mataas na edukasyon;(f)Makakapamilya ang mga mag-aaral ng ispesyalisasyon batay sa mga sumusunod na batayan: kaangkupan, interes at kapasidad ng paaralan;(g)Pagkakaroon ng kurikulum na nakafokus sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad;(h)Nababawasan ang mga paulit – ulit na subjek sa kolehiyo;(i)Lumiliit ang bilang ng mga elective na subjek o kurso; at(j)Pagkakaroon na lamang ng 31 subjek na mayroong tig 80 oras na kabuuan.

3. Nilayong malapatan ng tugon sa ikatlong suliranin na inilatag ng mananaliksik ang itinatayang saloobin ng mga guro sa mga naitalang mga konsepto kaugnay ng K to 12. Muling naghain ng sampung pamimilian ang mananaliksik na tinapatan ng tugon na sumasang-ayon at di sumasang-ayon, kabilang na rito ang mga sumusunod: (a)Sa paggamit ng pangunahing wika ng lalawigan ay nawawala ang fokus sa pagkatuto sa Wikang Filipino;(b)Maaaring maging mahirap ang transisyon ng pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sapagkat sa unang limang taon (K hanggang Grade 3) ay ginagamit ang pangunahing wika ng lalawigan sa pagtuturo;(c)Magiging mahina ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagkakaroon ng dalawang wika ng pagtuturo;(d)Magiging mahirap sa mga guro at tagapagbuo ng mga kurikulum sa lalawigan na ihanay ang mga aralin sa Filipino alinsunod sa ginagamit na wika ng lalawigan bunsod ng pagkakaiba ng mga ito;(e)Malilito ang mga mag-aaral sa kanilang aralin sapagkat ginagamit ang wika ng lalawigan sa pagtuturo;(f)Umiiksi ang panahon sa pagkatuto bunsod ng mas maikling panahon na inilaan sa bawat subjek;(g)Hindi masasakop lahat ng mga aralin na itinuturo sa lumang sistema sapagkat umiksi ang panahon ng



pagtuturo;(h)Kinakailangan ang malawakang revisyon ng mga lunsarang aklat upang maihanay ang layunin ng kurikulum sa pagtuturo batay sa mga prisipyo ng k to 12;(i)Hindi pa handa ang mga naunang guro at propesor sa bagong sistema;(j)Kakulangan ng mga kagamitan upang maiangkop ang umiiral na mga pamamaraan sa mga pamantasan sa bagong kurikulum

4.Mayroong anim na mungkahing solusyon na inilatag ang mananaliksik sa bahaging ito ng pag-aaral na kinabibilangan ng mga sumusunod:(a)Magsagawa ng ekstensibong pagpapasanay sa mga guro at administrador kaugnay ng mga kaisipan ng k to 12;(b)Bumuo ng isang pangkalahatang kumite o pangkat na siyang magsisilbing tagapatnubay sa pagbuo ng kurikulum na maglalangkap ng mga umiiral na pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino;(c)Alamin ang mga mahahalagang kaisipan na siyang gagamitin sa pangkalahatang kurikulum ng mga pamantasan sa pagtuturo ng Wikang Filipino alinsunod sa kurikulum na k to 12;(d)Kilalanin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga pamantayan sa pagsasalita at paglalahad na ginagamit lalawigan at ang pangkalahatang pamantayan sa pagtuturo ng Wikang Filipino nang maihanay ang mga kaukulang panunutan na magiging kapaki-pakinabang sa pagtuturo nito;(e)Gawing kawili-wili ang paglalangkap ng pagtuturo ng wikang Filipino sa makabagong kurikulum nang sa gayon ay manatili ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa subjek na ito;(f)Ipakita sa bubuuing mga pamantayan ang kahalagahan na maidudulot ng pagtuturo ng Wikang Filipino.

Konklusyon

1. Sa pagsasagawa ng isang sarbey mahalang maisali ang mga varyabol na: posisyon sa pamantasan, katayuan sa pagtuturo at ang bilang ng kanilang taon sa pagseserbisyo bilang guro sa Filipino.

2. Sa pagtataya ng mga opinyon, ang kinilalang suliranin ng malaking bilang ng mga kalahok ang inilatag na kaisipang naglalahad na kinakailangan ang malawakang revisyon ng mga lunsarang aklat upang maihanay ang layunin ng kurikulum sa pagtuturo batay sa mga prisipyo ng k to 12, samantalang ang malaking bilang ng mga kalahok na nagpahayag ng kanilang di pagsang-ayon ay naitala sa pahayag na sa paggamit ng pangunahing wika ng lalawigan ay nawawala ang fokus sa pagkatuto sa Wikang Filipino.

3. Sa paglalagat ng rank ng mga naging tugon ng mga kalahok inilatag na mungkahing suliranin sa naunang bilang ay makikita na ang mga pahayag na nagtala ng pinakamataas na bilang sa panig ng sumasang-ayon ang siya namang nagtala ng pinakamaliit na bilang ng mga kalahok na hindi sumasang-ayon sa mga mungkahi. Ipinapakita nito na ang pagkakaiba ng mga kaisipan at pananaw ng mga kalahok ay nababanaag sa kanilang mga isinagot sa sarbey.

4. Sa pagsasagawa ng pagbuo ng mga aralin at kagamitang pampagtuturo sa ilalim ng bagong kurikulum, mahalagang isalalang alang ang mga sumusunod na kaisipan, una ang pagpapasanay sa mga guro, ikalawa ang pagtukoy sa mga kaisipang magagamit sa pagtuturo ng Wikang Filipino sa bagong kurikulum, matukoy ang mga pagkakatulad at

pagkakaiba ng mga pamantayan ng mother tongue sa Filipino (bilang ikalawang wika) at Ingles (bilang ikatlong wika) at gawing kawili-wili ang mga araling lalangkapan ng bagong mga pamamaraan sa ilalim ng bagong sistema.

Rekomendasyon

Bahagi pa rin ng pagsasaliksik ang pagbibigay ng ilang mungkahi o rekomendasyon para sa mga susunod na pangkat ng mga mananaliksik at iba pang mga may malakig pagpapahalaga sa pagtuturo at pagkatuto.

- 1.Magsagawa ng ilan pang mga karagdagang pag-aaral ukol sa magiging epekto ng Senior High School sa pagtuturo ng Wika at Panitikan kung ang mga ito ay aalisin sa antas tersarya.
- 2.Bumuo ng isang pagsasaliksik ukol sa mga dapat gamiting teknolohiya sa adaptasyon ng pagtuturo ng Filipino sa ilalim ng programang K to 12.
- 3.Maglaan ng pagpapahalaga kaugnay ng MT MLE at ang kaugnayan nito sa higit na pagpapaunlad ng wikang Filipino bilang Wikang Pambansa.
- 4.Magsagawa ng pagsusuri sa magiging epekto ng paggamit ng Wikang Filipino sa pagtuturo sa mga kursong vokasyunal sa ilalim ng Grade 11 at Grade 12.
- 5.Kilalanin ang mga ambag ng Wikang Filipino sa higit na ikabubuti ng kurikulum ng K to 12 kung ito ay gagamitin sa pagtuturo ng mga aralin sa Senior High School.

TALASANGGUNIAN

Mga Aklat

1. Adams, D. (2003) *Educational Strategies For the New Development Orthodoxy Asian Pacific*.
2. Ancheta (2011) *Initial Implementation of the Understanding by Design Framework in Teaching of Mathematics I: An Assessment*.
3. Awofala, A. (2012) *An Analysis of the New 9 – year Basic Education Curriculum in Nigeria*.
4. Aquino, Gaudencio. (1993). *Educational Psychology*. Quezon City: Rex Printing Company.
5. Aquino, O.(1998) *Curriculum Planning for Better Schools*. Rex Bookstore.
6. Bago, A.L. (2008). *Curriculum Development; The Philippine Experience*.Rex Printing House.
7. Contawe, Herwinda M.A. *Kahandaan ng mga Paaralang Sekondarya sa Bayan ng Moncada sa Implementasyon ng K – 12 Kurikulum*
8. Danigos, (2006). *Implementation of Restructured Basic Education Curriculum in Public Elementary Schools of Baguio City*.
9. Gaberscreek, S. (2000) *Access to Higher Education in Slovenia: Assessment Reform and the Recreation of a National Examination Mass System*. Assessment in Educational Principles, Policy and Practices.
10. Hellstrom, M. (2004) *The Way of Change. The Implementation and Succes of Pedagogical Development Projects At the Experimental Schools of the Aquarium Project 1995 -1998*. Helsinki;Research Reports.
11. Lachica, Veneranda S. (1998). *Komunikasyon at Linggwistika*. Manila: 24K Printing Co., Inc.



12. *Mayos, Norma et.al. (2008) Ang Guro ng Bagong Milenyo: Mga Saligang Batas ng Pilipinas 1987 Artikulo XIV, Seksyon 1.*
13. *Paz, Consuelo J. Ang Wikang Filipino: Atin Ito. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino – Diliman, 2005.*
14. *Saligang Batas ng Pilipinas 1987 Artikulo XIV, Seksyon 1.*
15. *Zhu, Muju, (2007) Educational Reform and Curriculum Change in China: A Comparative Case Study*